

## Fact sheet - Umiiral na Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan

### Ano ang isang Umiiral na Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan?

Tinatawag na 'mga awtorisadong tao' ang ilang tao, gaya ng mga punong-guro at mga tauhan ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay (Department of Education and Training). May kapangyarihan silang gumawa ng mga Kautusan na nagtatakda ng mga patakaran para sundin ninyo kapag pumupunta kayo o nakikipag-ugnayan sa paaralan.

Maaaring pigilin kayo ng isang Kautusan na pumasok o manatili sa paligid ng paaralan o iba pang lugar kung saan nangyayari ang mga aktibidad ng paaralan. Maaaring sabihin ng Kautusan na hindi kayo pinapayagang kumilos sa isang paraan sa ilang tao, sa ilang pagkakataon, sa paaralan o iba pang lugar kung saan nangyayari ang mga aktibidad ng paaralan. Maaaring isama ng Kautusan ang mga espesyal na pangyayari gaya ng mga oras kung kailan, o mga lugar kung saan, hindi naaangkop ang Kautusan.

Ibinigay sa inyo ang Kautusang ito para maramdaman ng mga guro, mag-aaral at iba pang taong nasa paaralan na ligtas sila. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan [dito](#). Maaari ninyong panoorin ang isang video [dito](#) para tulungan kayong maintindihan kung ano ang ginagawa ng mga Kautusan sa Kaligtasan ng Komunidad ng Paaralan.

### Gaano katagal umiiral ang isang Kautusan?

Sinasabi rin ng Kautusan sa inyo kung gaano katagal iiral ang mga patakarang ito. Ang pinakamatagal na haba ng panahon na maaaring umiral ang mga ito ay 12 buwan.

### Paano ko sasabihin sa paaralan na hindi ako sumasang-ayon sa isang ginagawang Kautusan?

Bago makagawa ng isang Kautusan ang isang awtorisadong tao, dapat niyang ipaalam sa inyo na pinag-iisipan niya ang paggawa ng isang Kautusan at kung bakit iniisip niyang gagawa siya ng isang Kautusan. Maaari kayong gumawa ng isang 'pagsusumite' sa awtorisadong tao para ipaliwanag kung bakit kayo kumilos sa isang partikular na paraan, paano kayo nito maaapektuhan o ang inyong anak o anumang iba pang bagay na kailangan niyang malaman para makapagpasya siya kung gagawa ng isang Kautusan. Halimbawa, maaari ninyong gustuhing sabihin sa awtorisadong tao na may kapansanan ang inyong anak para makagawa sila ng mga kaayusan para masiguro na maipagpapatuloy ninyo na suportahan siya sa pagpasok sa paaralan.

Mayroon kayong 7 araw para gumawa ng pagsusumite matapos masabihan ng awtorisadong tao na iniisip niya ang paggawa ng isang Kautusan. Maaari din kayong humingi ng karagdagang panahon para gumawa ng pagsusumite kung kailangan ninyo ito.

Ang nakasulat na pagsusumite ay maaaring isang email o sulat sa awtorisadong tao. Maaari ninyong gamitin ang template na makikita sa website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay [dito](#).

Kung ayaw ninyong sumulat ng isang pagsusumite, sa halip maaari kayong humiling na magbigay ng isang verbal na pagsusumite. Maaari din kayong humiling sa isang tao ng gawin ang pagsusumite para sa inyo, gaya ng inyong sumusuportang tao sa kapansanan o interpreter.

### **Kung mayroon akong anak na nasa paaralan, ano ang mangyayari sa kanya ngayong kailangan kong sundin ang isang Agarang Kautusan?**

Pinag-isipang mabuti ng inyong paaralan ang tungkol sa kung paano makakaapekto ang Kautusan sa inyong anak at kung paano kayo nagmamalasakit para sa kanya. Hindi layunin ng isang Kautusan na pigilin kayo mula sa pangangalaga sa kanya o masangkot sa kanyang pag-aaral.

Bibigyan kayo ng inyong paaralan ng isang 'Protocol sa Komunikasyon at Access' sa lalong madaling panahon matapos kayong bigyan ng isang Kautusan. Itatakda nito:

- kung paano kayo sasabihan tungkol sa pag-aaral ng inyong anak
- kung paano makapagpapatuloy na pumasok sa paaralan ang inyong anak at sumali sa mga aktibidad nang ligtas
- kung ano ang gagawin nila para siguraduhin na sinusuportahan at inaalagaan ang inyong anak.

### **Ano ang mangyayari kung hindi ako sumunod sa isang Kautusan?**

Kung hindi kayo sumunod sa mga patakaran na itinakda sa Kautusan, maaaring mag-apply ang paaralan sa Hukuman ng Mahistrado para pasunurin kayo sa Kautusan.

Kung malaman ng Hukuman ng Mahistrado na nagkamali kayo sa hindi pagsunod sa isang Kautusan, maaari nilang:

- hingin sa inyo na magbayad ng multa
- hingin sa inyo na sumunod sa Kautusan
- hingin sa inyo na gumawa ng partikular na aksyon para sumunod sa Kautusan
- hingin sa inyo na gawin ang anumang bagay na sa palagay ng Hukuman ay naaangkop.

Hindi kayo makukulong, tatanggap ng kriminal na record o parusang krimen sa hindi pagsunod sa isang Kautusan.

**Paano kung kailangan kong baguhin ang isang kautusan?**

Kung nais ninyong tanggalin o baguhin ang mga patakaran sa isang kautusan, maaari ninyong hingin sa awtorisadong tao na gumawa ng kautusan na gawin ang mga pagbabagong iyon. Kung sumasang-ayon ang awtorisadong tao, kailangan niyang bigyan kayo ng nakasulat na kopya ng binagong kautusan. Kung hindi siya sumasang-ayon, kailangan niyang sundin ang parehong mga kinakailangan katulad ng kapag gumagawa ng isang umiiral na kautusan.

Kung gusto ng awtorisadong tao na magdagdag ng mga bagong patakaran sa isang kautusan, kailangan niyang sundin ang parehong mga kinakailangan katulad ng kapag gumagawa ng isang umiiral na kautusan.

**Paano kung gusto kong iapela ang isang Kautusan?**

Maaari kayong mag-apply sa inyong paaralan para iapela ang isang Kautusan para sa mga sumusunod na kadahilanan:

- Kung hindi kayo sumasang-ayon na dapat gawin laban sa inyo ang isang Kautusan
- Kung hiniling ninyo sa awtorisadong tao na baguhin ang isang bagay na nasa Kautusan ngunit tumanggi siya, at hindi kayo nasisiyahan sa desisyong ito
- Kung binago ng awtorisadong tao ang Kautusan at hindi kayo nasisiyahan sa desisyong ito
- Kung nagpasya ang awtorisadong tao na hindi kanselahin ang kautusan, at hindi kayo nasisiyahan sa desisyong ito.

Maaaring tumagal ng 28 araw ang desisyon sa panloob na pagsusuri mula sa oras na ipinadala ang inyong aplikasyon sa punong-guro. Ginagamit ang panahong ito para maingat na suriin ang mga kadahilanan sa likod ng Kautusan na ginagawa laban sa inyo at ang mga kadahilanang ibinigay sa inyong pagsusumite.

Maaaring gumawa ang panloob na tagasuri ng mga pagbabago sa Kautusan, kanselahin ang Kautusan o hindi gawin ang alinman. Kapag nakapagpasya na, aabisuhan kayo sa pamamagitan ng email at/o sa koreo at makatatanggap kayo ng kopya ng mga kadahilanan para sa resulta ng panloob na pagsusuri para tulungan kayong maintindihan ang ginawang desisyon.

Kung hindi kayo nasisiyahan sa resulta ng panloob na pagsusuri, maaari ninyong iapela ang desisyon sa Victorian Civil and Administrative Tribunal. Makakikita kayo ng karagdagang impormasyon tungkol dito sa website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay [dito](#).

**Paano kung kailangan ko ng isang tagasalin/interpreter o ibang suporta?**

Kung kailangan ninyo ng isang tagasalin, interpreter o suportang tao, maaari niyong sabihin sa punong-guro ng paaralan na makatutulong sa inyo na kumuha ng suporta.

Kung pumasok ang inyong anak sa isang pampublikong paaralan, maaari din kayong makipag-ugnayan sa panrehiyong opisina ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay para sa karagdagang suporta.

<p>North Eastern Victoria</p> <p>Telepono: 1300 333 231</p> <p>Email: <a href="mailto:nevr@education.vic.gov.au">nevr@education.vic.gov.au</a></p>	<p>North Western Victoria</p> <p>Telepono: 1300 338 691</p> <p>Email: <a href="mailto:nwvr@education.vic.gov.au">nwvr@education.vic.gov.au</a></p>
<p>South Eastern Victoria</p> <p>Telepono: 1300 338 738</p> <p>Email: <a href="mailto:sevr@education.vic.gov.au">sevr@education.vic.gov.au</a></p>	<p>South Western Victoria</p> <p>Telepono: 1300 333 232</p> <p>Email: <a href="mailto:swvr@education.vic.gov.au">swvr@education.vic.gov.au</a></p>

**Paano kung gusto ko pa ng karagdagang impormasyon?**

Maaari kayong pumunta sa website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay [dito](#) para sa karagdagang impormasyon.